



Ikinokonekta ka sa Sistema ng Pangangalaga sa Karamdaman ng Paggamit ng Alak o Droga ng Alameda County

Ang Sistema ng Pangangalaga sa Karamdaman ng Paggamit ng Alak o Droga ng Alameda County ay nagbibigay ng mga sumusunod na lebel sa panggamot ng pangangalaga. Mga Pagtatasa ng Helpline sa Akses at Referral sa Paggamit ng Alak o Droga ay magdedetermina kung anong serbisyo ang pinakamainam para sa inyo:

**Panggamot sa Outpatient:** Hanggang 9 na oras ng mga serbisyo kada linggo, kasama ang grupo at indibidwal na pagpapayo

**Intensibong Outpatient:** 9 hanggang 19 na oras kada linggo, kasama ang grupo at indibidwal na pagpapayo

**Tirahan sa Pagpapagaling** (tinatawag ding: Mga Kapaligiran sa Matinong Pamumuhay): Kuwarta at pagkain habang nakikilahok sa mga serbisyo ng panggamot sa outpatient na ibinibigay sa labas ng lugar.

**Panggamot na Pangtirahan:** Mababa at mataas na intensidad na mga serbisyo na panggamot na pangtirahan sa SUD

**Pangangasiwa sa pagtigil sa pag-inom ng alak o paggamit ng droga:** 24/7 suporta sa pag-alis ng lason at sa pagiging matino na klinikal na pinangasiwaan

**Programang Panggamot sa Opyo (OTP) / Panggamot na Tinutulungan ng Gamot (MAT)**

## Helpline sa Akses at Referral sa Paggamit ng Alak o Droga (“Helpline”) Walang Bayad na #:

**1-844-682-7215**

Mga Oras ng Operasyon:

**Lunes – Biyernes 8:00am-9:00pm**

Ang mga tawag na ginawa pagkatapos ng mga oras ay sasagutin ng mga Serbisyo sa Suporta sa Krisis (CSS). Anumang mga mensahe na iniwan sa CSS ay sasagutin ng Helpline sa Akses at Referral sa Paggamit ng Alak o Droga sa susunod na araw na may pasok

Para sa suporta sa pangangasiwa sa agarang pagtigil sa pag-inom ng alak o paggamit ng droga, kontakin si

Cherry Hill Detox

and Sobering Center:

1-866-866-7496

[acdeto@hsimail.org](mailto:acdeto@hsimail.org)

Isang serbisyo na pinondohan ng:



**ALAMEDA COUNTY**

**HELPLINES SA AKSES AT REFERRAL SA PAGGAMIT NG ALAK O DROGA**

**1-844-682-7215**

Isang programa na pinatatakbo ng:



“Changing Lives...  
Connecting Communities”

# Helpline sa Akses at Referral sa Paggamit ng Alak o Droga ng Alameda County (“Helpline”)



Ang Helpline ay ang gateway para sa mga residente ng Alameda County para makakuha ng akses at referral sa pinondohan ng publiko\*\* na mga pagsasala sa Karamdaman sa Paggamit ng Alak o Droga, pagtatasa at referral sa panggamt.

## Sino ang maaaring tumawag?

Ang mga adulto 18 at mas matanda na nakatira sa Alameda County ay maaaring tumawag sa Helpline sa 1-844-682-7215

Para sa tulong sa pangangasiwa sa agarang pagtigil sa pag-inom ng alak o paggamit ng droga, tumawag kay Cherry Hill Detox and Sobering Center sa 1-866-866-7496 o [acdeto@hsimail.org](mailto:acdeto@hsimail.org), o bisitahin ang kanilang site sa 2035 Fairmont Drive, San Leandro CA 94578

\*\* Ang mga pinondohan ng publiko na serbisyo sa SUD ay mayroon para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal, HealthPAC, ang mga taong karapat-dapat para sa Medi-Cal, at mahihirap na kliyente na walang ibang uri ng seguro

- Makikilahok ka sa isang **15 minuto na**

## Ano ang nangyayari kapag tumawag ako?

Narito ang maikling paglalarawan kung ano ang nagaganap kapag tumawag ka sa Helpline:

- **pagsasala sa telepono**, kung saan ang miyembro ng kawani ng klinika ay malalaman pa ang tungkol sa iyong mga alalahanin. Maaari silang magtanong ng mga serye ng katanungan para tasahin kung ano ang panggamt na pinakamainam para sa iyo.
- Kung kailangan ang karagdagang pagsasala para gumawa ng angkop na referral sa panggamt, isang **tipanan sa pagsasala sa personal** ay nakaiskedyul sa loob ng dalawang araw na may pasok. Ang mga pagsasala sa personal ay maaaring isagawa sa mga Opisina ng Helpline ng South County na matatagpuan sa Fremont.
- Kung ang mga serbisyo sa Panggamot na Pangtirahan o Tirahan sa Pagpapagaling ay kailangan, ang kawani ng Helpline ay magbibigay ng tuloy-tuloy na **naikoordina na pangangasiwa ng pangangalaga** sa mga tinanggap na gagamutin.

